



Sistema sa proteksyon at pagtulong ng California

Toll Free: (800) 776-5746

TTY: (800) 719-5798

www.disabilityrightsca.org

Ang Pagbabawas Sa Badyet Ng Estado Ay Hindi Nangangahulugan Na Maaaring Bawasan Ng Mga Pang-rehiyon Na Sentro Ang Iyong Mga Serbisyo

Kahit na nahaharap ang California sa malalang krisis sa badyet, hindi ito awtomatikong nangangahulugan na maaaring bawasan o baguhin ng iyong pang-rehiyon na sentro ang iyong mga serbisyo.

Dapat Pa Rin Ibase ng Mga Pang-rehiyon na Sentro ang Iyong Mga Serbisyo sa Iyong IPP

Kahit na may mga problema sa badyet, mayroon ka pa ring karapatan sa mga serbisyo na:

- Tumutulong sa iyo na umiwas sa mga institusyon;
- Nagsasanay at tumutulong sa iyo na matuto pa ng mga kasanayang pangkabuhayan;
- Tumutulong sa iyo na gumawa ng mga produktibong bagay sa araw;
- Makapunta ka sa at mula sa mahahalagang aktibidad (transportasyon);
- Tumutulong sa iyo na pangalagaan ang iyong mga anak sa tahanan ng pamilya, kabilang ang panandaliang ginhawa.

Ikaw ay **HINDI** limitado sa mga uri ng mga serbisyo na nakalista sa itaas. Ngunit kailangan mong maging napaka-partikular sa iyong IPP (Individualized Program Plan) (Planong Programang Isinaindibidwal) tungkol sa kung ano ang kailangan mo at kung bakit.

Dapat Pa Rin Sabihin sa Iyo ng Pang-rehiyon na Mga Sentro nang Nakasulat ng Anumang Mga Pagbabago sa Iyong Mga Serbisyo

Mayroon ka pa ring karapatan na masabihan, nang nakasulat, kung gustong bawasan o baguhin ng pang-rehiyon na sentro ang iyong mga serbisyo.

Dapat na maisulat ang iyong abiso sa paraang naiintindihan mo at nasa wika na nasabi mo sa pang-rehiyon na sentro na pinaka-naiintindihan mo.

Mayroon ka pa ring karapatan na mag-apela.

Hindi maire-representa ng Disability Rights California (*Mga Karapatan sa Disabilidad ng California*) ang karamihan sa mga tao na pumunta sa amin para sa tulong. Ngunit maaari kaming makipag-usap sa iyo tungkol sa iyong kaso at makapagbibigay kami ng payo kung papaano maghanda para sa isang pagdinig.

Gumawa ng Aksyon kung Babawasan ng Pang-rehiyon na Sentro ang Iyong Mga Serbisyo dahil sa Krisis sa Badyet ng Estado

- Siguruhin na isusulat ng pang-rehiyon na sentro sa isang Abiso ng Aksyon kung anong mga serbisyo ang gusto nitong baguhin at kung bakit gusto nitong baguhin ang mga ito.
- Apelahan ang abiso ng pang-rehiyon na sentro. Tandaang apelahan ang desisyon sa loob ng sampung (10) araw ng pagkakakuha ng nakasulat na abiso. Kung aapela ka sa loob ng sampung (10) araw, mananatili sa lugar ang iyong kasalukuyang mga serbisyo hanggang sa dinigin ng hukom ng batas ang iyong kaso at magpasya rito.
- Kumalap ng impormasyon na ipinapakita na kailangan mo ang mga serbisyo na gustong baguhin ng pang-rehiyon na sentro. Siguruhing tumpak ang impormasyong gagamitin mo at ipinapaliwanag ang iyong mga pangangailangan nang naka detalye. At saka, humanap ng mga tao na pumapayag pumunta sa iyo pagdinig at sabihin sa administratibong hukom ng batas kung bakit mo kailangan ang mga serbisyo na gustong baguhin ng pang-rehiyon na sentro. Siguruhin na alam ng mga taong ito ang iyong mga pangangailangan.
- Huminig ng kopya ng “plano sa paggastos” ng pang-rehiyon na sentro. Ang plano sa paggastos ay isang dokumento na isinulat ng iyong pang-rehiyon na sentro sa estado na ipinapaliwanag kung papaano nito pinaplano na magtipid ng pera dahil sa krisis sa badyet.
- Dapat mo rin hingin ang pagkakabili ng policy ng serbisyo ng pang-rehiyon na sentro at ang policy ng kataliwasan na kasama dito. Tandaan na ang mga alituntunin sa pagkakabili ng serbisyo ay hindi maisasaad ang mga pinakamaliit at pinakamataas ng mga serbisyo na maaaring makuha ng isang tao.
- Sa pagdinig, maaari kang mangatwiran na mayroon kang karapatan na matugunan ang iyong mga pangangailangan upang matupad ang mga layunin at mithiin ng IPP. Hindi maaaring maging dahilan ang krisis sa badyet ng estado, plano sa paggastos ng pang-rehiyon na sentro, at ng mga alituntunin sa pagkakabili ng serbisyo ng pang-rehiyon na sentro sa pagbabawas o pagbabago ng iyong mga serbisyo o suporta hanggat sa maipapakita mo na ang mga serbisyong iyon ay tumutugon sa iyong mga pangangailangan tulad ng naisalarawan sa iyong IPP. Kung may iba pang makapaghahatid ng iyong pangangailangan para sa mas kakaunting pera ay ibang katanungan. Ngunit kung ang ibig sabihin ng pagpapalit sa mga provider ay hindi na

natutugunan ang iyong mga pangangailangan, maaari ka pa ring mangatwiran laban sa pagpapalit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng IPP at ng iyong mga karapatan, bisitahin ang www.disabilityrightsca.org/pubs/506301index.htm at basahin ang Rights under the Lanterman Act (Mga karapatan sa ilalim ng Aktong Lanterman). O tawagan ang iyong local na Disability Rights California para sa kopya ng kabanata ng Rights under the Lanterman Act (Mga karapatan sa ilalim ng Aktong Lanterman) IPP o anumang mga katanungan sa: Disability Rights California, Toll Free: 1-800-719-5798; TTY (800) 576-9269; o Opisina ng Pagtulong sa Mga Karapatan ng Mga Kliyente , (hilaga) 1-800-390-7032; (timog) 1-866-833-6712

Paglathala ng Disability Rights California #5406.08